PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
JUNE 1, 2021 (12:01 P.M. – 1:16 P.M.)

SEC. ROQUE: Magandang tanghali, Pilipinas.

Humarap pong muli si Presidente Rodrigo Roa Duterte sa kaniyang regular Monday Talk to the People Address kung saan kaniyang inanunsiyo ang bagong quarantine classifications para sa buwan ng Hunyo.

GCQ tayo Metro Manila Plus pero may ilang restrictions sa kapasidad at ilang industriya. Naka-flash sa inyong screen ang mga lugar na nasa MECQ, GCQ at MGCQ.

Ang mga lugar pong ito ay nasa MECQ:
- City of Santiago
- Province of Cagayan
- Province of Apayao
- Province of Benguet
- Province of Ifugao
- Puerto Princesa City
- Iloilo City
- Buong Zamboanga Peninsula kasama ang Zamboanga City
- Cagayan de Oro
- Butuan City
- Agusan del Sur

Ang mga lugar na ito ay nasa ilalim ng GCQ:
- NCR kasama ang Bulacan, Rizal, Laguna and Cavite hanggang June 15 po iyong NCR with restrictions na tinatawag
- Baguio City
- Kalinga
- Mt. Province
- Abra
- Probinsiya ng Isabela
- Nueva Vizcaya
- Quirino
- Probinsiya ng Batangas at Quezon
- Iligan City
- Davao City
- Lanao del Sur
- Cotabato City

Ang mga lugar na hindi ko po nabanggit ay nasa ilalim po ng MGCQ.

Inanunsiyo rin po ng ating Pangulo sa kaniyang Talk to the People na magbibigay ng isang milyong dolyares ang Pilipinas sa COVAX Facility. Ayon kay Presidente, ito'y isang paraan para maibalik ang goodwill na ibinigay ng COVAX Facility sa Pilipinas. Marunong pong magpasalamat ang Pangulo at mga Pilipino; likas sa atin ang tumanaw na utang na loob. Kung inyong matatandaan, marami sa ating ginamit na bakuna ay galing po sa COVAX Facility.

Inatasan naman po ng Pangulo ang ating Vaccine Czar Secretary na bigyan-prayoridad ang mga seafarers at OFWs sa western vaccine brands. Sabi nga po ni Presidente, hindi naman po iyan pagiging pihikan dahil ang ibibigay na western brands ay isang requirement para makabalik sa hanapbuhay ang ating mga seafarers.

Mamaya po ay makakasama natin si Secretary Galvez para bigyan-detalye ito.

Samantala, hinikayat naman po ni Presidente ang mga local government units na gumamit ng teknolohiya at iba pang measures sa pagbabakuna para mabawasan ang oras ng pila at mabawasan din ang panganib dala ng exposure sa COVID-19.

Tungkol naman po sa travel ban. Epektibo ngayong araw, a-uno ng Hunyo hanggang a-kinse ng Hunyo, bawal pa rin ang inbound travel na galing mula India, Pakistan, Sri Lanka, Bangladesh, Nepal, Oman at United Arab Emirates. Paumanhin po doon sa mga naaantala na bumalik sa Pilipinas galing sa mga lugar na ito, pero ito po ay kailangan para nga po maiwasan ang pagpasok ng tinatawag na Indian variant.

Muling ipinaalala ng IATF ang papel ng mga miyembro ng Gabinete bilang Cabinet Officers for Regional Development and Security or CORDS ng kanilang tungkulin at responsibilidad sa regional inter-agency task forces at regional task force. Makikita po sa inyong screen ang mga miyembro ng Gabinete at ang mga lugar na naka-assign sa kanila. Isa-isahin po natin ito:

- Quezon City – Secretaries Duque and Nograles
- Pasig City – Secretaries Briones and Romulo-Puyat
- Pateros – Chairman Abalos
- Marikina City – Secretaries Bello and Devera
- Taguig City – Secretaries Año and Dizon
- City of Manila – Secretaries Honasan and Belgica
- Mandaluyong – Secretary Lopez
- Makati – Secretary Esperon
- San Juan – Secretary Chua
- Muntinlupa – Secretary Tugade
- Parañaque – Secretary Galvez
- Las Piñas – Secretary Villar
- Pasay – ang inyong abang lingkod
- Caloocan City – Secretary Dar
- Malabon City – Secretary Bello at saka si Secretary Devera
- Navotas City – Secretary Avisado
- Valenzuela City – Secretary Dela Peña
- Bulacan – Secretary Guevarra
- Cavite – Secretary Lorenzana
- Laguna – Secretary Andanar
- Rizal – Secretary Cusi

COVID-19 updates naman po tayo. Ito po ang raking ng Pilipinas sa mundo sang-ayon po sa Johns Hopkins:

- Number 24 po ang Pilipinas pagdating sa total cases
- Number 32 po tayo pagdating sa active cases
- Number 133 tayo po sa mga kaso per 100,000 population
- At Number 90 po tayo sa case fatality rate na 1.7% pa rin

Mayroon po tayong 6,684 na mga bagong kaso ayon po sa May 31, 2021 datos ng DOH. Nagpapasalamat po tayong muli sa mga magagaling, masisipag at dedicated na medical frontliners dahil patuloy ang pagtaas ng mga gumagaling dahil mayroon na po tayong 93.88% ang gumaling mula sa coronavirus. Nasa 1,155,045 na po ang bilang ng mga naka-recover. Samantalang malungkot po nating binabalita na ang mga namatay dahil po sa virus ay umabot na ng 20,966. Nakikiramay po kami sa lahat ng naulila.

Tingnan naman po natin ang confirmed COVID-19 cases by adjusted date of onset as of May 31, 2021. Patuloy po ang pagbaba ng kaso sa NCR hanggang sa ito ay mag-plateau na represented by kulay asul ng ating bar graph. Samantalang nagpa-plateau naman ang mga kaso sa Region III na kulay dilaw, at Region IV-B na kulay berde. Ano po ang ibig sabihin nito? Tingnan po natin ang infographic 'no. Sang-ayon po sa infographic, ang Metro Manila ay talagang bumababa po ang mga kaso. Pero kung mapapansin ninyo po tumataas naman po ang kaso galing sa Mindanao at galing po sa Visayas.

Naiintindihan po natin na hindi tayo nag-lockdown noong mga naunang mga buwan sa Visayas at Mindanao, at ito po siguro iyong dahilan kung bakit tumataas ngayon ang mga kaso doon. Pero paalala po sa ating mga kapatid sa Visayas at Mindanao – MASK, HUGAS, IWAS at BAKUNA pa more po 'no dahil itong mga new variants po ay sadyang mas nakakahawa.

Pumunta naman po tayo sa case trend sa Metro Manila at sa buong bansa. Makikita po natin na nationwide ang ating average daily attack rate ay bumaba from 5.94 noong Mayo 2 hanggang 15, siya po ngayon ay 5.19. Bumaba rin po ang average daily attack rate per 100,000 population sa NCR from 13.42 naging 8.11

Ang ating two-week growth rate naman po nationwide ay ngayon po ay -13% pero ito po ay bahagyang bumilis dahil noong May 2 to 15, ito po ay -24%. Sa NCR po, May 2 to 15, 48%; ngayon po, it is -14; so negative pa rin po pero bahagyang dumami ng kakaunti.

Okay, ito naman po ang ating improvement sa ating hospital care utilization rate. Makikita ninyo po na sa pagdating sa nasyonal ay ang overall healthcare utilization rate po natin ay nasa 48%. Sa isolation beds, mayroon po tayong 46%; sa COVID ward beds, mayroon po tayong 49%; sa ICU beds, mayroon po tayong 57%; at ang mechanical ventilators ay 37%.

Dito naman po sa Metro Manila—ay, wala pa lang graph sa Metro Manila; national lang.

Makakasama po natin mamaya si NTF Chief Implementer at Vaccine Czar Secretary Carlito Galvez, at NTF Deputy Chief Implementer at Testing Czar Secretary Vince Dizon.

So bago po tayo pumunta sa ating open forum, kasama po natin ngayon, Secretary Galvez via Zoom. Vaccine Czar Secretary Galvez, ano po ang pinaka-latest pagdating po sa mga bakuna? The floor is yours, Secretary Galvez.

SEC. GALVEZ: Magandang araw po, Secretary Roque, Sir Spox at sa ating mga nanunood po ngayon.

Sa ngalan po ng National Task Force Against COVID-19 at vaccine cluster, magandang tanghali po sa ating lahat, sa mga kasama natin sa media at mga nakikinig at nanunood sa programang ito.

Ang laman po ng ulat ko po sa inyo ngayon ay updates ng ating vaccination program. Nais ko lang po munang ibahagi sa inyo ang three imperatives to end the global pandemic na kung saan dito naka-angkla ating National Action Plan sa COVID-19.

Makikita po natin may tatlo po tayong strategies. Una po iyong strengthening of surveillance and sustained mitigation. Ito po iyong inaano po natin para nakikita po natin noong iprinisent namin po kay Presidente kahapon, nagkaroon po tayo, nakikita po natin na tumataas po ang mga kaso sa lahat po ng ibang lugar dito sa ASEAN Region.

So, ang ano po natin talaga, inaano po ng ating DOH, ni Secretary Duque at ang ating IATF na palakasin po natin ang ating PDITR strategy by having ang tinatawag nating testing and tracing and isolating upscale.

And then iyon nga pong sinasabi po ni Secretary Roque na iyong border control na iyong mga may variant na nakita natin, na-identify, talagang i-strengthen natin iyong genomic surveillance ng mga variants at the same time talagang stricter iyong ating quarantine protocols.

And then also, we have to have a sustained public health measures and treatment capacities kaya nakita bini-briefing natin iyong ating mga critical care utilization at kasama po natin ang tinatawag nating isolation czar na gumagawa po ng different isolation facilities at mga tinatawag nating treatment facilities sa buong bansa at dito sa Metro Manila.

Ang pangalawa po, iyong tinatawag nating aggressive vaccination right now, because ngayon tumataas na po ang ating mga supply distribution at ang nakikita po natin nag-e-expand na po tayo sa ating mga vaccination. Nagpapasalamat po kami kay Sec. Vince at talagang araw-araw po, eight o' clock po siya nagpupunta sa operation center at talagang iniisa-isa niya po iyong mga performance ng ating mga LGU.

So, nakikita po natin, ngayong May tumaas po tayo ng three times sa ating pagba-vaccinate. And then ngayon po ang ating mga private sector, lalo na si Spox ay tumutulong po para mapataas po ang demand generation. Pati ang ating mahal na Presidente ay talagang hinihikayat ang ating mga kababayan na magkaroon ng tinatawag na kumpiyansa dahil ang ating mga vaccine ay very effective at very efficacious and also iyong close monitoring ng adverse event monitoring.

And then iyong aming mga negotiations sa mga vaccine manufacturers tinitingnan na rin po namin kung paano po magkakaroon ng mga second generation vaccines. Sa ngayon po, ongoing po ang aming pakikipag-coordinate sa Israeli government, sa US government and also sa Indian government para magkaroon po tayo ng mga medisina at treatment na directly will cure iyong COVID.

So, nandito po iyong tinatawag nating second generation vaccine at saka mga booster doses and also we are looking forward na iyong 29 million na pediatric sector natin ay mababakunahan natin at iyon po ay inaano po namin na by September or October.

And then may mga countries na po na mini-mix and match po iyong vaccine considering iyong complications na talagang maraming portfolio ng vaccine ang kanilang ginagawa ay iyon po ang nangyayari po na minsan na nama-match po nila ang AstraZeneca, Pfizer and even iyong mga boosters ay puwede pong i-mix sa ibang mga vaccine.

At ito po iyong mga good news na ni-report ko po sa ating mahal na Presidente na we have breached five-million mark on vaccine administration. Tayo na po ang nangunguna sa ASEAN

region in terms of vaccination rollout kasi po mayroon na po tayong 150 to 170 vaccination per day at na-breach na po natin ang 1 million mark per week. Ang ating pinakamataas po ay iyong 237,000.

And then ang magandang balita rin po is steady po ang supply ng COVAX ngayon with more than two million doses monthly at ngayong June 11 ay ina-announce ko na po na iyong 2.2 million ay darating po dito ngayon sa ating bansa at ito po ay idi-deploy na po diretso po sa mga bayan po natin sa Cebu, sa Davao at saka dito po sa Metro Manila. At ang isang magandang balita pa rin po ay iyong vaccine supply natin will be stabilized on the month of July lalo na iyong AstraZeneca, Moderna, Sinovac at saka Sputnik.

And then isang magandang balita rin, iyong US Department have already made a decision to share 80 million doses, with the Philippines as one of the top priorities. Marami rin hong country ang nagsabi na baka magbigay po sa atin and we are looking forward sa ating mga allied nations na magbibigay din po ng vaccines.

Ang panlima po, iyong marami na pong LGUs na talagang nag-i-scale-up ng kanilang capacities. Nakikita natin iyong ating mga NCR - Metro Manila mayors na araw-araw halos nabi-breach na nila ang kanilang mga targets at kami po ay natutuwa ni Secretary Vince dahil kasi talagang nakikita namin iyong tinatawag naming measurement na iyong day to last. Iyong day to last, iyon ang mga tinatawag natin na iyong mga supply nila day to last five days up to twenty days.

And then kahapon nagpunta po kami doon sa Solaire at ang business sector po ready na po, committed for additional vaccination output. Nakita namin doon sa Solaire na iyong ICTSI, nagpri-prepare na po sa pagdating ng kanilang Moderna na 55 million at doon po nakita namin na nag-i-scale-up sila na kaya nila ang 3,000 – 6,000 jabs a day at nakikita natin iyong SM malls, also iyong different Robinson malls and Ayala malls at saka iyong mga different hotels ay nag-o-offer din ng services ng mga functions rooms nila. At nagpapasalamat kami sa business sector at saka sa T3, ating forum.

And also, ito ang magandang balita dahil ang sinasabi nga ng ating mahal na Presidente na kailangang transparent ang ating negotiation, ang Philippines is rated number one in the Global COVID-19 International Budget Partnership o iyong IBP results from global scorecard for accountability na kanilang in-assess ang 120 countries at tayo po ang nangunguna kasama po ang Australia, Peru at saka po ang Norway. At we would like to congratulate our DBM Secretary for a job well done.

Maraming salamat po.

SEC. ROQUE: Maraming salamat vaccine czar, Secretary Carlito Galvez. Kasama rin po natin ang ating testing czar and deputy chief implementer, Secretary Vince Dizon.

Secretary Vince, kumusta na po ang ating testing at ano pa po ang aasahan natin sa mga darating na linggo at buwan? The floor is yours, Secretary Vince Dizon.

SEC. DIZON: Maraming salamat, Spox Harry! Maraming salamat, Secretary Galvez.

Ang testing po natin ay tuluy-tuloy pa rin. Nag-a-average pa rin po tayo ng mahigit 40-45,000 per day. Pero ang importante nga po na paulit-ulit sinasabi ni Secretary Galvez at ni Secretary Duque, kailangan po talaga paigtingin natin ang ating PDITR – ang ating prevention, detection, isolation, and treatment sa ating mga communities para doon sa mga area ngayon na nakakaranas ng

pagtataas ng kaso ay ma-break natin ang chain of transmission at mapabagal natin ang pagtaas ng kaso at mapababa na ang mga kaso ng mga COVID-19.

At tuluy-tuloy po kaming nakikipag-ugnayan sa ating mga LGUs sa buong bansa at lahat po na kayang ibigay na suporta ng national government ay ibinibigay po natin nang mabilis. Kasama na rin po diyan ang mga pagbibigay ng dagdag na vaccines lalo na sa mga area kung saan tumataas ang kaso. Susususgan lang po natin ang mga ni-report ni Secretary Galvez ng mga numero.

Tuluy-tuloy po ang pagdami ng ating mga nababakunahan gaya po ng sinabi ni Secretary Galvez. Mahigit 5.2 million na po ang ating na-administer na bakuna sa ating mga kababayan. At makikita po natin mula noong nagsimula tayo na halos 11,000 lang ang pinakamataas nating nababakunahan kada araw, ngayon po ang pinakamataas natin noong week 12 at ngayong week 13 ay mahigit 200,000 po kada araw.

Kaya dito po natin makikita na kakayanin po talaga ng ating mga LGU ang magbakuna ng mas marami nating mga kababayan. Kailangan lang po talaga ay dumami ang supply, pagdating po ng supply dito eh kaya po nating ibakuna agad-agad lalung-lalo na sa tulong ng ating private sector at ng ating mga LGUs.

One point—last week lang po 1.1 million ang nabakuna natin sa loob lamang ng isang linggo. Sa loob lang po ng isang linggo, 1.1 million ang ating nabakunahan ano. Ito po ang pinakamataas nating weekly na nabakunahan simula noong tayo ay nag-rollout ng ating vaccination program. At dahil din po iyan sa napakagandang trabaho na ginagawa ng ating mga LGU.

Isa-cite ko lang po iyong pinakamatataas na nagawa at pinakamataas in terms of iyong vaccine na nakukuha nila at pinakamabibilis na magbakuna:

- Nandiyan po ang Quezon City, noong nakaraang linggo po ay wala pang sampung libo ang nababakunahan, pero halos 20,000 po ang kanilang nabakunahan sa loob lamang ng isang araw noong nakaraang linggo.
- Ang City of Manila po na-break po niya ang kaniyang record, lumampas po siya ng 20,000, Nakabakuna po siya ng 22,00o sa isang araw.
- At iyong Mandaluyong po, 4,500 para sa isang maliit na siyudad dito sa NCR napakalaki na po niyan. At napakabilis pong nagagamit ng City of Mandaluyong ang kanilang mga bakuna.

At ito po ay nakikita natin din sa iba't ibang mga LGU. Kaya napakalaking bagay po nito at kapag dumating po ang mga bakuna kampante po tayo sa ating mga LGU.

Finally po, next month po—ngayong June 'no, ang tina-target natin ay 4 to 5 million jabs in June, dahil nga po maganda ang magiging supply situation natin ngayong June. Nasabi na si Secretary Galvez, simula ngayong weekend, June 6, June 7, June 11, mayroon pong mga padating na bakuna at tuluy-tuloy po iyan ng June at dahil po diyan sa supply na iyan, tingin po natin eh aabot tayo ng 4 to 5 million vaccinations ngayong June.

So, maraming salamat po Spox Harry at handa po tayong tumanggap ng mga tanong.

SEC. ROQUE: Maraming salamat Secretary Vince Dizon. Bago po tayo magpunta sa ating open forum, ano ng aba ho iyong mga karagdagang restriction sa GCQ na pinapatupad natin sa Metro Manila at sa plus 4 provinces.

Well, simulan po natin na:

- Bawal po lahat ng mga entertainment venues,

- Bawal din po lahat ng recreational venues (iyong mga net cafes, mga billiards, arcades)
- Bawal pa rin po ang mga amusement parks, ang mga fairs and playgrounds at ang sabong.
- Now, iyong lottery at saka horse racing with off track betting, temporarily allowed po.
- Now iyong mga outdoor contact sports po, iyong mga non-contact sports po ay allowed; pero iyong indoor sports courts, venues and indoor tourist attractions at kasama po diyan ang mga gyms, hindi pa rin po allowed hanggang June 15.

Sa ordinaryong GCQ allowed po sila, pero sa ngayon po sa karagdagang restrictions, hindi pa po allowed ang mga gyms.

· Iyong mga venues for meetings and conferences, allowed po siya na hanggang 30%; iyong ordinaryong GCQ po hanggang 50%. So dito po ngayon 30% lang tayo.
· Ang personal care po hanggang 40%, ito po iyong mga salons, parlors, beauty clinics, hanggang 40%; sa ordinaryong GCQ, 50% po iyan.
· Sa outdoor tourist attraction allowed po tayo hanggang 30%; sa ordinaryong GCQ hanggang 50% po iyan.
· Now, iyong specialized markets ng DOT para sa staycation ay allowed po siya hanggang 100% venue capacity, iyong other DOT accredited accommodation establishments, 'no. Tapos hanggang 30% with LGU oversight.
· Tapos iyong indoor dining natin, hanggang 30% po; ang ordinaryong GCQ, 50% po iyan.
· Ang outdoor dining, al fresco 50% po iyan allowed.
· Ang ating mga religious services, well, 30% pero ang LGU can increase up to 50% po.

· Ang ating inter-zonal travel kung pupunta kayo ng Boracay allowed na po, allowed na po ang inter-zonal, pero kinakailangan po point to point lamang, wala po siyang age restrictions, pero mayroon pong testing before travel requirement at alamin po natin kung ano ang mga requirements sa ating destinasyon, dahil siyempre po iyong mga requirement ng LGU kung saan kayo pupunta eh mananaig pa rin po iyon.
· Iyong inter-zonal travel within NCR Plus allowed naman po talaga iyan at ang mga pupuwedeng lumabas ay iyong mga nasa edad 18 hanggang 65.

Okay, magpatuloy na po tayo sa ating open forum. Usec. Rocky?

USEC. IGNACIO: Yes. Good afternoon, Secretary Roque, Secretary Dizon and Secretary Galvez.

Question from Leila Salaverria of Inquirer: What was the President's response to the PDP Laban resolution asking him to run for Vice President? Is this resolution enough to convince him to do so? And who will be his running mate? Will we see a Duterte-Duterte tandem? Similar question with Cresilyn Catarong ng SMNI News.

SEC. ROQUE: Sa lahat ho ng nagtatanong kung ano ang kasagutan ng Presidente, ang kasagutan po ay pag-iisipan po niya. Siyempre po siya ay na-nominate, kinakailangan pag-isipan. On the one hand eh sabi niya nakapagsilbi na siya sa bayan, on the other hand ang sabi niya iisipin niya kung anong pinakamabuti para sa bayan – iyon po ang kasagutan ng Presidente.

USEC. IGNACIO: Second question po: The President raised concerns about sharing certain info pertaining to police operations. To be clear, was this in reference to sharing police reports with DOJ?

SEC. ROQUE: Hindi po. Iyang information on ongoing police investigation po, traditional exception iyan to the right to information. Pero hindi po sakop diyan iyong sharing of information na ginagawa ngayon ng PNP at saka ng DOJ pagdating doon sa posibilidad na mayroong ilang mga kapulisan na mayroong pananagutan pagdating po sa patayan. Pero iyong mga ongoing police investigations, never subject po to freedom of information.

USEC. IGNACIO: Ang third question po niya: What exactly is the President's directive to the PNP with regard to the reports to be shared?

SEC. ROQUE: Sinabi na po iyan ng Presidente 'no, backup niya ang pulis kapag tumutugon sa katungkulan pero kapag hindi po iyan tumutugon sa katungkulan at lumabag sa batas, they're on their own. So ganiyan din po iyong kaniyang instruction pagdating sa impormasyon 'no. Siyempre iyong mga sensitibo na involving live investigations, hindi pupuwedeng ilabas. Pero everything else naman po na para magkaroon ng pananagutan at mapataas pa iyong professionalism ng ating mga pulis ay hindi naman po sakop.

USEC. IGNACIO: Ang last question po niya: What was the result of the President's meeting with Cebu Governor Garcia? Will the province be allowed to impose its own quarantine protocols? Similar questions with Kris Jose of Remate and Miguel Aguana of GMA News Desk.

SEC. ROQUE: Ay, salamat po sa tanong. Mahigit dalawang oras po ang pagpupulong ni Governor Gwen Garcia at ng ating Presidente at kasama po niya si Presidential Adviser Dino at kasama rin niya iyong kaniyang pathologist 'no na Doktora Loreche.

Now, in-explain naman po ni Governor Gwen na iyong kanilang kakaibang protocol na tini-test on the first day tapos ina-allow na umuwi on strict home quarantine na ini-implement ng barangay health workers at panibagong second PCR test on the 7th day ay dahil nga po, una, naubusan talaga ng kuwarto pero ngayon po hindi na problema iyan. Pero pangalawa, sa tingin nila at according sa datos ay mas epektibo ito na mahuli iyong mga kaso ng COVID kasi nga first day at saka 7th day.

At ang sabi naman po—at pangatlo, eh siyempre iyong humanitarian grounds ng mga overseas contract workers na sabik na sabik nang umuwi, biglang kinakailangan mag-aantay pa ng sampung araw at para doon sa mga returning Filipinos naman, sila ang sagot ng 10 days quarantine, facility quarantine 'no.

Now, naintindihan po ng Presidente lalung-lalo na iyong punto ng humanitarian aspect sa mga OFW at marami naman sa kanila umuwi hindi para umuwi nang tuluyan kundi para magbakasyon o 'di naman kaya umuwi dahil namatayan. Parang mayroon talagang mga pagkakataon na napakahirap na i-implement iyong 10-day na quarantine.

Pero ang sabi pa rin ng Presidente, ang mga national policies dapat sinusunod ng lahat. Pero pagdating po dito sa Cebu, ang naging desisyon ni Presidente, bigyan natin hanggang Huwebes ang Department of Health para mag-critique, "critique" doon sa revised protocols o ibang protocols na pinapatupad sa Cebu at tingnan natin kung akma ba talaga ito sa Cebu o mayroon ba tayong matututunan 'no, pero hanggang Thursday po iyan.

At ako naman po, matapos ang pagpupulong ang sinabi ko ako nga po ang pinakaipit dito dahil tayo ang inatasan na siguraduhin na sumusunod sa national protocols ang provincial government ng Cebu at napapabalita pa na ako pa raw ang magdidemanda pero hindi po totoo nga iyan 'no dahil wala naman pong usaping demandahan talaga 'no.

Pero ang sinabi ko po ay siguro dapat magkaroon din nang konting openness ang ating mga kasama ‘no at tanungin natin ang mga sarili bakit nga ba ang Cebu Province eh sampung buwan na na nasa MGCQ samantalang ang Metro Manila ay nananaginip lamang ng MGCQ. Baka naman po mayroon tayong pupuwedeng magaya sa Cebu ‘no pero bigyan po natin ng pagkakataon na mag-critique ang Department of Health hanggang Huwebes.

USEC. IGNACIO: Iyan din po ay tanong ni Kris Jose ng Remate/Remate Online. My apologies, Kris. Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Thank you very much. Tawagin naman natin si Mela Lesmoras, please.

MELA LESMORAS/PTV4: Hi! Good afternoon, Secretary Roque, kay Secretary Galvez at kay Secretary Dizon. Secretary Roque, unahin ko lang po iyong quarantine classifications. Puwede ninyo pa bang i-elaborate, ano po iyong mga naging basehan ng IATF at ni Pangulong Duterte kung bakit pinanatili sa GCQ ang NCR Plus at bakit nga may mga lugar na din dumami iyong nasa MECQ? Sapat po kaya itong mga hakbang na ‘to para mas ma-control iyong sitwasyon lalo na sa ilang panig ng Visayas at Mindanao?

SEC. ROQUE: Well, kanina po ‘no, pinakita ko iyong datos ng Metro Manila at nationwide. At sa datos, talaga naman pong bumaba ang daily attack rate, ang two-week average daily attack rate at nag-improve po iyong ating hospital care utilization rate ‘no. So it warrants a downgrade.

Kaya nga lang po iyong pagbaba ng kaso natin, mataas pa rin kung ikukumpara doon sa unang pagkakataon kung kailan tumaas iyong ating mga kaso. Ibig sabihin, napababa na natin, walang kaduda-duda at makikita natin dito iyan sa graphics na ito na tuluyang bumaba; pero mataas pa rin, mayroon pa ring banta na biglang lumobo uli kung tayo’y babalik talaga sa normal ‘no, at least sa normal na GCQ. Kaya nga po nag-iingat tayo at alinsunod din po ito sa rekomendasyon din ng ating mga Metro Manila Mayors na kung pupuwede unti-unti ang pagbubukas po ng ating ekonomiya.

Now pagdating naman doon sa mga ibang lugar na talagang lumulobo ang kaso, well iyon nga po ‘no, sa kauna-unahang pagkakataon ito na ‘ata ang pinakamaraming MECQ na naanunsiyo ko ‘no at karamihan nga po dito ay nasa Mindanao ‘no at kasama na rin po ang Iloilo City. Ito po iyong sinasabi ko noong isang press briefing na whether or not mag-request ang ating mga local government units, binabantayan po ang datos all over the country at kung kinakailangan po itataas ang antas ng community quarantine ‘no.

So sa lahat ng ating mga kababayan na nasa MECQ, patuloy po tayong mask, hugas, iwas at kung pupuwede magbakuna. At dito sa Metro Manila, ingat pa rin po tayo dahil baka masayang po iyong ating sakripisyo sa napakahabang ECQ at MECQ natin kung tayo po ay magpapabaya na ngayon. So mask, hugas, iwas at bakuna pa rin po tayong lahat.

MELA LESMORAS/PTV4: Opo. And can I go to Secretary Galvez please, Secretary Roque?

SEC. ROQUE: Go ahead, please.

MELA LESMORAS/PTV4: Opo. Secretary Galvez, I understand sunud-sunod na nga iyong supply—iyong bulto ng mga bakuna sa bansa. Pero ang inaabangan din ng ating mga kababayan ay kailan na po kaya masisimulan iyong malawakang pagbabakuna sa A4? May update na po ba kung kailan exactly? At tungkol po doon sa guidelines, may napagkasunduan na po ba?

SEC. GALVEZ: Sa guidelines may napagkasunduan na po tayo at saka continuous naman po iyong meeting natin with the IATF at saka sa NITAG. Ang ano po natin ngayon, titingnan po natin kung ano po, depende sa supply na darating. Sa ngayon darating ang supply natin, mayroon tayong 1 million na darating na Sinovac this coming June 6 and then na-confirm na po June 10 and 11 may darating tayo na 2.2 million na Pfizer. And most likely baka iyong second tranche ng Sinovac, most likely baka June 11 din po iyon.

So by that time nakikita namin baka either first week or second week ng June - pag-uusapan pa namin - para at least ang ano namin is nandoon na po, ipi-prepare na po iyong ating stock na mayroon po tayo na maibibigay sa A4 at saka sa A5.

MELA LESMORAS/PTV4: Oo. Kailan kaya, sir, ilalabas po iyong guidelines?

SEC. GALVEZ: I believe pina-finalize na lang natin po iyong guidelines and then most likely si Sec. Vince siguro ang makakasagot ng ano kasi siya ang nakakagawa ng guidelines.

MELA LESMORAS/PTV: Opo. Yes, Sec. Vince?

SEC. DIZON: Yes, iyong guidelines po natin para sa A4 ay pumasa na sa IATF noong nakaraang linggo. So ang hinihintay na lang talaga natin ngayon ay ang pagdating ng mas madaming bakuna na magsisimula nang dumating ngayong weekend, base sa announcement ni Secretary Galvez.

MELA LESMORAS/PTV: Ang panghuling question na lang po, for Secretary Galvez pa rin and even Secretary Roque, maaari pong magkomento. Sa sobrang init po kasi ngayon, sunud-sunod din iyong red alert, yellow alert ng Department of Energy sa supply ng kuryente and even iyong DOE may paalala na mag-ready sa mga vaccine facilities, distribution utilities hinggil nga sa pagprotekta sa COVID-19 vaccines. Ano po ang reaksiyon natin dito at ano po ang masasabi natin? Ano po ba iyong mga paghahanda ng pamahalaan para nga din maprotektahan pa rin iyong mga bakuna sakali ngang magkaroon ng malawakang brownout?

SEC. GALVEZ: Sa atin po talagang nagkaroon na tayo ng tinatawag na ano po diyan, ng mga tinatawag nating workshop and at the same time, mga directive, iyong preparation nang tinatawag naming redundancy, iyong redundancy is tinatawag nating back up to the back up to the back up. Kaya nga po ang sinasabi nga po natin sa ating mga LGUs ay magkaroon po tayo ng third party provider, kasi iyon pong mga third party provider ay talagang assured na assured iyong kanilang tinatawag na back up system in terms of iyong handling.

So iyong nakikita po natin, iyong paghahanda po natin dito dahil ngayon talagang nakikita natin na posible po iyan at talagang iyong lahat po ng tinatawag nating main warehouse ay pinaalalahanan po natin na talagang magkaroon po talaga ng tinatawag natin na continuous protection at saka safety procedures na itong mga tinatawag nating iyong mga redundancy measures ay ongoing at saka nati-test po nila.

So may mga simulations tayong ginagawa para at least ang ano po natin diyan ay talagang maproteksiyunan po natin lalo na po iyong mga ultra cold-chain system ng Pfizer, Moderna at saka po iyong Gamaleya ay talaga pong dapat maprotektahan po iyon. So ang ginagawa po natin may mga back-up generator po ang mga main warehouses po natin.

MELA LESMORAS/PTV: Okay. Thank you so much po, Secretary Galvez, Secretary Roque at Secretary Dizon.

SEC. ROQUE: Balik tayo kay Usec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: Yes, Secretary Roque. From Rose Novenario of Hataw: Gaano katotoo na ang resolusyon ng PDP-Laban na kumandidato si Pangulong Duterte bilang bise presidente at siya ang pipili ng running mate na Presidente ay isang game plan para sa Duterte forever at Duterte dynasty, ayon kay Bayan Secretary General Renato Reyes Jr? Similar question with Jam Punzalan of ABS-CBN Online.

SEC. ROQUE: Well, unang-una si Renato Reyes po iyan, what do you expect 'no talagang dati-rati po kasama iyan ni Presidente noong eleksiyon, ngayon talagang kritiko. Unang-una paano po magkakaroon ng plano, eh wala pa pong desisyon ang Presidente, ang sinabi lang po niya pag-iisipan niya dahil siya ay na-nominate, hindi naman pupuwedeng balewalain iyon. So dahil wala pa pong desisyon patunay po iyan na walang plano.

USEC. IGNACIO: Opo. Second question niya: Paano makakatiyak ang publiko na hindi magagamit ni Pangulong Duterte ang kaniyang poder, pera at rekurso ng gobyerno para mangampanya sakaling magpasya siyang maging VP bet ng PDP-Laban?

SEC. ROQUE: Well, unang-una hindi pa po dapat sagutin iyan, dahil wala pang desisyon. Pangalawa po ay mayroon naman tayong existing rules sa Commission on Audit. Dahil kung ipagbabawal po natin ang lahat ng opisyales na manungkulan dahil sila ay kakandidato, baka po magkaroon tayo ng paralysis. Sa ating batas po ngayon, ang mga deemed resigned ay iyong mga nasa executive na running for higher positions, samantalang ang mga mambabatas hindi po sila deemed resigned if they are running for higher positions.

USEC. IGNACIO: From Evelyn Quiroz of Pilipino Mirror for Secretary Galvez: Your statement that the Philippines will start vaccinating all adults by August has been taken by some as wishful thinking. Can the government actually do it?

SEC. GALVEZ: Ngayon naman po nakita natin kaya naman natin i-scale up. Ano po ang basis ng ano natin, ng general public inoculation? Ang ano po namin this coming August, sinasabi ko na nga po na July mag-stabilize na nga po ang ating vaccines. By August, lahat po ng seven vaccine [manufacturers] po natin baka maka-deliver, so more or less 15 to 20 million po iyong idi-deliver po by August. Hindi po iyon wishful thinking, dahil kasi po nag-simulate na po tayo at saka nakikita po natin talaga iyong deliveries. Ang nakakatakot iyong tinatawag natin na marami tayong volumes pero halos nasa storage at hindi natin nagagamit. Kaya nga ang ano natin, ino-open up natin iyong segments, dahil by June and July makukuha na natin iyong A4 and A5 and by that time, mawawalan na tayo ng ano, dahil kasi nakita natin 49% ng ating vaccination hesitancy and we have to open up iyong mga gustong magpa-vaccine para magkaroon tayo ng bandwagon. Para at least pagdating ng September and October marami pa tayong maba-vaccinate during those time.

It's not a wishful thinking kasi sini-simulate po natin iyan kasama iyong ating mga private sector at saka cold change management, talagang ang ginagawa po namin simulation, ina-adjust po naming iyan araw-araw. Everyday nandiyan po si Sec. Vince doon sa national vaccine operation center kasama po ang ating mga experts, si Usec. Myrna and everything is being done. Talagang actual po.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Galvez.

SEC. DIZON: Magdadagdag lang po ako 'no. Nakita naman natin sa numero, kagaya ng sinabi ni Secretary Charlie, na pataas ng pataas ang ating daily vaccination rate. Ito ay pruweba lang na kapag mayroon tayong supply kaya nating magbakuna ng mabilis at ng marami. At hindi pa diyan pumapasok ang mga pagbabakuna na gagawin ng ating mga private sector partners at hindi pa rin kasama diyan iyong mga LGU vaccination centers na ready ng buksan sa iba't ibang mga lugar, tulad ng mga mall, tulad ng mga stadium at iba pang mga lugar na ginagamit ng mga LGUs.

At ang isa pa sigurong importante ay mayroon tayong mga narinig na kaunting mga pagbabatikos noong mga nakaraang araw tungkol sa ating ability na mag-vaccinate noong mga AstraZeneca doses na mag-i-expire ng June. Masaya ang aming report ni Secretary Galvez na as of today, June 1, 85% na noong mga AstraZeneca doses na gagamitin as first dose na magi-expire ng June 30 ay nabakuna na. So, June 1 pa lang 85% na at kampante tayo na sa susunod na lingo ay matatapos na ang pagbabakuna noong AstraZeneca na magi-expire ngayong June 30. Again, pruweba lang iyan na kaya nating magbakuna ng mabilis at ng maramihan.

SEC. ROQUE: Triciah Terada, please.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Good afternoon, Secretary. Sir, first three questions for you po ano. Iyong ilan, sir, sa nabanggit na, siyempre hindi po tayo nag-lockdown doon sa Visayas and Mindanao, although iyon nga po iyong nabanggit natin kahapon kung successful man dito sa Metro Manila sa pag-slowdown ng infections. Ibig sabihin po nito, nagka-problem tayo sa border controls? Ibig sabihin po ba nito, sir, iyong mga kaso sa Visayas and Mindanao possibly came from Metro Manila? So, ang tanong ko po, sir, paano po natin hihigpitan ngayon iyong border controls when it shows na medyo nagkaroon tayo ng problema in terms of securing it during the time na naka-lockdown dito and hindi naka-lockdown sa ibang provinces?

SEC. ROQUE: Hindi po, I think the fact na naka-lockdown tayo dito at nag-increase sa kanila only means na dumami iyong community transmission nila. Hindi ko po sinasabi na exported from Manila iyong mga kasong iyon, kasi nga napakatagal na nating mayroong travel bubble dito sa Metro Manila Plus. So I can, you know, I think it's a rational conclusion naman na they must have had an increase in community transmission dahil nga po din sa pagkalat ng mga new variants.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Sir, doon lang po sa binanggit ng Pangulo that he is not looking into confidential information in relation po doon sa pagri-release ng mga documents or information pertinent to the drug war. Kung ganoon po, sir, ano po iyong basis ng Pangulo sa mga information na binibitawan niya when he namedrops and alleges drug lords and iyong mga NPA. Hindi po ba, sir, delikado, na iyong Commander-in-Chief is not privy to some details that are prone to abuse? Kumbaga kung hindi po niya nakikita?

SEC. ROQUE: Well, ang importante po nga is pag-aralan kung ano iyong sakop ng exception to freedom of information. May mga sensitibong bagay na kapag isinapubliko will affect the ongoing investigation itself. Pero kapag mayroon na pong sapat na ebidensiya at nagtuturo na may isang personalidad ay talagang isang drug lord ay hindi naman po makakaapekto sa imbestigasyon iyon dahil by which point tapos na po iyong imbestigasyon and they have enough siguro to proceed either to the filing of a criminal case.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Sir, paano po, sir, iyong quote process, for example iyong Pangulo, kung halimbawa may na-feed sa kaniyang information for example, one official that test na ito, this certain person is a member of NPA or this person is a drug lord. Does he automatically

believed it and announced it to the public or may vetting process din po ba at least within the President's group?

SEC. ROQUE: Naku, hindi po iyan kaagaran. It's always subject to vetting, vetting, vetting and vetting.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Thank you, Spox. Spox, may I just please go to Secretary Galvez.

SEC. ROQUE: Go ahead please.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Hi! Good afternoon, Secretary Galvez.

SEC. GALVEZ: Hi! Good afternoon, Triciah.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Sir, in March, you mentioned na iyong target for mass vaccination is in May, then recently it was moved to August. What prompted the delay and mayroon po bang deliveries na nagkulang that, you know, caused us to move our targets?

SEC. GALVEZ: Hindi naman tayo nag-ano, iyong ating …supposed to be ang target natin is supposed to be mag-open tayo ng ibang segment. Ang ano lang natin, nakita natin talaga ang cause of some adjustments sa deliveries; nag-a-adjust kasi sila ng deliveries because they have multi agreement with other countries. So iyong ano pa rin talaga, iyong supply pa rin ang problema natin.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Sir, clarification lang doon po sa nabanggit ninyo kagabi na kapag natapos natin iyong A1 to A3, we will achieve population protection kasi parang about 25% iyong nabanggit ninyo po. Pero iyong DOH po kasi sinasabi nila, to achieve population protection, we need 50 to 60%. Paano ho ba, sir, iyong magiging gameplan natin dito? Plano po bang ubusin or ma-complete talaga iyong A1 to A3 before moving to A4 or kumbaga, kung parang na-exhaust na, sir, itong mga—kumbaga, kung marami talagang ayaw sa A2 and A3 because we're still at 13 to 24% at least for A2 and A3 po 'no and 93% sa A1, kung ayaw na po talaga ng remaining part of that population, puwede na po bang mag-move sa A4?

SEC. ROQUE: Ang guidance po ng ating WHO at saka IATF is as much as possible ma-saturate natin iyong ating target na more or less 16 to 20 million na health care workers, senior citizens at saka with immunity diseases. Ang ano natin is iyong A1 to A3 kung makuha natin talaga iyon, iyong tinatawag ng WHO na iyong burden of disease ay magkakaroon na po ng tinatawag na very ano, very … iyong maku-contain na natin po iyong death at saka po iyong hospitalization.

So ang nakikita po natin, napaka-significant po sa ating campaign na once na-protect na po natin iyong mga vulnerable, there is a possibility na talagang iyong ating mga numbers in terms of death at saka iyong mga severe cases ay mawawala po. At the same, iyong ating mga hospital ay makakayanan po ang ating tinatawag na critical care utilization.

So iyong sinasabi nating contain, iyong tinatawag na people's protection, inaano po natin iyon, sa nakita po natin doon sa mga historical data ng Israel, US at UK, kapag po dumating ng 30%, bumababa na po ang kaso. And then kapag once na nagkaroon na po tayo ng threshold na 50 to 70 percent, ang nangyayari po is nagkakaroon na po ng opening for new normal. So nakita po natin iyan sa Israel noong tumapat na po sila ng 50% or above, nakita po natin talagang halos normal na sila doon sa Israel. And ganoon din po sa US na talagang nagkakaroon na sila ng

tinatawag na economic opening, in terms na kapag na once na nagkaroon na po ng 30% ay bumababa na po ang cases.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Pero, sir, just to be clear on the terms, iyong 30% only means containment ng mga severe and … severe cases and deaths, not necessarily population protection, tama po ba?

SEC. GALVEZ: Yes, ano natin doon, iyong tinatawag na containment strategy natin, iyong sinasabi natin before ng herd containment, iyon ang sinasabi nga na at least iyong 30%, iyong mga vulnerable natin ay protected na.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: All right. Thank you very much, Secretary Galvez. Salamat po, Spox and regards to Sec. Vince.

SEC. DIZON: Trish, I just want to add to that 'no. Tama iyong sinabi ni Sec. Charlie 'no. There are twin goals: Unang goal natin ay protektahan ang pinaka-vulnerable sa ating lipunan sa sakit para hindi marami ang magkakasakit, hindi marami ang mao-ospital at hindi ma-o-overburden ang ating health system.

Pero ang pangalawa din nating goal ay magbakuna nang mabilis at magbakuna nang marami.

So ang naging resolution ng IATF noong nakaraang linggo ay isabay na ang pagbubukas ng A4 at later on, pati ang A5 kapag dumating na iyong mga COVAX doses para mas marami tayong mabakunahan nang mas mabilis pero tuluy-tuloy pa rin ang pag-prioritize natin sa ating mga seniors, sa ating mga may comorbidities at siyempre sa ating mga healthcare workers.

At ni-require ng IATF ang lahat ng mga LGUs na magkaroon ng special lanes and even special vaccination sites to prioritize healthcare workers, seniors and those with comorbidities.

Pero para maiwasan natin ang mga bakuna na natutulog lamang sa storage dahil nga mayroong konting hesitancy sa ibang mga sectors, io-open na natin ito doon sa mga workers natin na nangangailangan din ng proteksiyon.

Thank you.

SEC. ROQUE: Balik tayo kay Usec Rocky. Thank you very much, Trish. Usec. Rocky now, please.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Roque. From Kris Jose ng Remate/Remate Online: Sa tingin ninyo bukod sa humingi ng gabay sa Diyos, ano pa ang konsiderasyon na makapagbabago ng desisyon ng Pangulo para sabihin niya na, 'Sige, go ako!'? And is the President considering this latest development as one of the signs for him to run for the vice presidency?

SEC. ROQUE: Mag-iisip pa po ang ating Presidente, at ang basehan din niya is kung ano ang makakabuti sa ating bayan.

USEC. IGNACIO: Ano na raw po ang mangyayari sa domestic travel sa NCR Plus sa ilalim ng GCQ with restrictions?

SEC. ROQUE: Allowed na po ang point to point travel maski po sa labas ng travel bubble. Tingnan ninyo lang po at i-check kung ano ang requirement ng pupuntahan ninyong LGU at subject po ito sa test before travel.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong po ni Jo Montemayor ng Malaya: May ayuda po bang matatanggap ang mga nasa MECQ?

SEC. ROQUE: Kapag nagla-lockdown po, ang lokal na pamahalaan naman po ay namimigay po iyan ng ayuda.

USEC. IGNACIO: Comment naman po ng Malacañang sa sinabi ng 1Sambayanan na joke of the worse kind iyong pagtakbo ni President Duterte sa VP sa 2022. Similar question po ni Ace Romero ng Philippine Star.

SEC. ROQUE: Wala pa naman pong desisyon ang Presidente. Ang masasabi ko lang, baka the joke maybe on them.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Roque.

SEC. ROQUE: Punta po tayo kay Melo Acuña.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Good afternoon, Secretary, and to all our guests. Isa pong nurse sa Saudi Arabi ang nag-message sa akin, nagbabalak siyang umuwi sa Pilipinas. Nagkaroon na raw po siya ng dalawang Pfizer vaccines doon. Kung ano raw po ang quarantine protocols pag-uwi niya dahilan sa baka maubos iyong kaniyang bakasyon sa quarantine, Secretary Harry?

SEC. ROQUE: Hindi pa po nababago 'no. So mandatory ten days pa rin po iyan bagama't mayroon na po tayong maliit na grupo na binuo para pag-aralan kung anong dapat maging bagong protocols sa mga Pilipinong nabakunahan na. So iri-report po iyan, if I'm not mistaken, sa darating na meeting ng IATF.

So siguro po, by the time umuwi itong kaibigan ninyo sa Saudi Arabia ay mayroon na pong rekomendasyon kung hindi desisyon ang IATF kung ano ang gagawin sa mga bakunadong mga indibidwal na.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Maraming salamat po. Ito po bang pinakahuling quarantine restrictions ay magbabawal ng paglalakbay mula sa mga lalawigan patungong Maynila at mula Maynila patungo sa mga lalawigan?

SEC. ROQUE: Gaya ng sinabi ko po, allowed na po iyong inter-zonal travel. I-check ninyo lang po kung ano ang requirement ng receiving LGU at subject to test before travel at point to point.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Opo. Salamat po. For Secretary Galvez, please.

SEC. GALVEZ: Yes po.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Magandang tanghali po, Secretary Galvez. Doon po sa forum namin kahapon nabanggit ni Vice Admiral Empedrad na one dose vaccine ang gagamitin sa seafarers na umaabot sa dalawampu hanggang tatlumpung libo na average na lumalabas ng bansa. Kung ito po ay magaganap at naibalita na nga magkakaroon ng western vaccines para sa

kanila, saan po natin kukunin iyong one dose vaccine para sa kanila? At kailan ito mapapakinabangan?

SEC. GALVEZ: Iyon po, nakita po namin 'no nagkaroon po kami ng meeting nila Sir Admiral Empedrad at saka po iyong ating mga seafarers at saka ang ating mga OFWs, iyon po ang isang recommendation namin. Kasi nakita po nila na talagang kung sila po ay bigla pong mayroon pong kontrata na sasampa na po barko, ang nakita po natin talaga na pinaka-very convenient sa kanila po iyong one dose, iyong Johnson & Johnson. At ngayon po ay magkakaroon na rin po ng application ng EUA iyong Sputnik Light. Iyong Sputnik Light, Ito iyong ginagawa ng Gamaleya na one dose lang. And then also, we are also looking iyong CanSino na isang one dose din po iyon.

So nakikita po namin na very ano po, sinasabi nga po ng ating mahal na Presidente na bigyan natin ng preference ang ating mga OFWs at seafarers considering na mayroong requirement po iyong kanilang mga destination countries.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Okay. Maraming salamat po. Para po kay Secretary Dizon. Magandang tanghali po, Secretary Vince.

SEC. DIZON: Magandang tanghali po, Sir Melo.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Opo. Malawak na po iyong nababakunahan pero gaano po kalawak iyong ating testing? Mayroon po bang ground sweeping test na gagawin ang pamahalaan? Sapagka't kung hindi malawak ang ating pagsubok sa mga mamamayan, baka po hindi natin malaman iyong actual numbers na mayroong COVID-19.

SEC. DIZON: Tuluy-tuloy pa rin po ang ating pag-test kapareho noong mga averages natin noong nakaraan noong nag-surge tayo sa NCR Plus. Ngayon naman po, ang mga test ngayon ay dini-deploy natin sa mga areas kung saan tumataas ang kaso. Ganoon po talaga ang nature ng paglaban sa COVID-19.

Pero uulitin ko po, Sir Melo, na hindi lang testing ang solution – prevention, detection, isolation at treatment at ang pinaka-importante po talaga ay iyong paulit-ulit na sinasabi ng DOH na kailangang mabilis ang paggalaw ng mga LGU between detection and isolation. Kailangan po napapababa ng less than five days between ma-test, ma-trace at ma-isolate.

Sa iba't-ibang area po kasi umaabot ng mahigit sampung araw, hindi po pupuwede iyon masyado pong matagal at marami na pong mahahawa kapag ganoon katagal. Kaya po ngayon pinipilit natin na tulungan ang ating mga LGU na pabilisin lalo ang detection to isolation period. Kailangan mas maiksi at mas mabilis.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Opo. At hindi po naman kaya ito mapapamahal dahilan sa mas marami yatang nagti-test na mga pribado kaysa sa pamahalaan?

SEC. DIZON: Lahat naman po ng test ay ginagamit natin ngayon whether sa pribadong mga lab, sa mga gobyernong laboratoryo at nagdi-deploy na rin tayo sa mga matataas ang kaso na area ng mga antigen test tulad ng ginawa natin dito sa NCR Plus na nakita naman natin na iyong total intervention package natin nitong nakaraang mga linggo ay gumana naman dahil nakita natin ang pagbaba ng mga kaso. So, ang kailangan lang po talaga natin is suportahan nang maigi ang ating mga LGU at tulungan sila na ma-implement nang tama iyong prevention, detection, isolation at treatment strategy.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Maraming salamat po! Have a nice day, gentlemen!

SEC. DIZON: Thank you.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Thank you very much!

SEC. ROQUE: Thank you very much, Melo. Punta tayo uli kay Usec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Roque. From Jerome Aning of PDI for Secretary Roque: Regarding the IATF decision to include in the priority group A4 all private sector workers required to be physically present at their designated workplace outside their residences. Does it mean that all such workers once vaccinated may be ordered by their employers to return to physical duty in their offices? Lahat ba ay puwede nang utusang mag-report sa kani-kanilang opisina or will health standard such as building capacity limitation, social distancing and shuttle transportation continue to be observed?

SEC. ROQUE: Alam ninyo po, iyong ating mga probisyon on work-from-home ngayon ay sang-ayon po sa quarantine classification na pinapataw natin sa iba't-ibang lugar. Siyempre po magbabago po iyang mga requirements na iyan kung mababago iyong quarantine classifications. So, kung maa-achieve na po natin ang population protection, mababago rin po iyong ating community quarantine at titingnan po natin kung anong magiging hitsura ng ating new normal.

Sa katunayan lang po, hindi ko po alam kung anong magiging hitsura niyan. Ang sigurado ako, we cannot go back to the normal that we knew before the pandemic dahil kinakailangan pa rin mayroon tayong heightened na pag-iingat even in the new normal. So, siguro po abangan na lang muna natin unang-una iyong achievement ng population protection at pangalawa, kung ano iyong magiging hitsura ng new normal.

USEC. IGNACIO: Opo. For Secretary Galvez: Will 17-year-old Filipinos turning 18 this year be allowed to register and get vaccinated? Do you have an estimate of how many 17-year-olds turning 18 this second semester? Kasama na ba sila sa allotment ng donated and procured vaccines for this year?

Same question po sila ni Jo Montemayor ng Malaya. Ang tanong ni Jo dito: Pareho lang po ba ng bakuna na gagamitin sa adults at minors? At kung mayroon na daw pong negotiation or deal for vaccine for minors at ilan ang bibilhin ng gobyerno?

SEC. GALVEZ: Sa ngayon po, nakikita po natin iyong vaccine pa lang po ng Pfizer ang bumababa po ng twelve years old and then tinitingnan po natin iyong tinatanong natin na kung seventeen ay babakunahan po, sa lahat po ng ating EUA, ang ano po natin is 18 and above. So, sa ngayon po ang talagang inaano po natin iyong adult natin.

Ang nakikita po namin kapag once po na nagkaroon na po ng EUA ang Pfizer sa 12—sa 15 and below ay magkakaroon na po tayo ng vaccination. Most likely ang ano natin diyan is siguro kapag nagkaroon na tayo ng general public population vaccination at saka natin io-open. Sa ngayon po, ang ano po natin kasi mahigpit po ang ano po natin na adult population po tayo na 18 and above.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Galvez.

SEC. ROQUE: Punta naman tayo kay Ivan Mayrina, please.

IVAN MAYRINA/GMA 7: Magandang hapon, Secretary Roque, sir!

SEC. ROQUE: Magandang hapon.

IVAN MAYRINA/GMA 7: Sec., Senator Pacquiao is asking for an audience with the President pero as we speak mukhang wala pa raw pong confirmation kung matutuloy itong pag-uusap na ito. Can you tell us kung may ganito na pong schedule ang Pangulo?

SEC. ROQUE: Wala pa pong schedule, pero wala rin naman akong nakikitang hadlang sa pagpupulong na iyan.

IVAN MAYRINA/GMA 7: And is Senator Pacquiao still an ally of the President?

SEC. ROQUE: I believe so 'no. Wala naman pong nangyaring pagbabago bagamat natuloy po iyong PDP-Laban, he remains to be party president as of now.

IVAN MAYRINA/GMA 7: Ayun nga po, kasi noong ipinatawag po ang pulong na iyan eh pinagsabihan po niya ang mga miyembro na balewalain iyong pasabi na iyon pero on that same meeting eh may video message pa po ang Pangulo. So, is this to be interpreted na parang nagkaka-falling out na po sa pagitan ng Pangulo at ni Senator Pacquiao?

SEC. ROQUE: Hindi ko po alam kung anong ibig sabihin niyan pero sang-ayon po sa saligang batas ng PDP-Laban, iyong chairman po ang may kapangyarihang magpatawag ng ganiyang pagpupulong.

IVAN MAYRINA/GMA 7: Okay.

Secretary, may tanong sana ako kay Secretary Galvez o kay Secretary Vince?

SEC. ROQUE: Go ahead please.

IVAN MAYRINA/GMA 7: Binanggit po ni Secretary Bello na hindi lamang po mga seafarers kung hindi lahat na ng OFWs ang mabibigyan o mapapayagan na pumili ng kanilang mga bakuna depende sa kondisyon ng kanilang host country. Itong pagbibigay na ito, itong pag-allow na ito, how will this impact the supply situation of the vaccines, Secretary Galvez, sir?

SEC. GALVEZ: Nakita namin natin ngayong June mayroon na po tayong opening sa ibang mga manufacturing [supplier] natin, iyong mayroon na po tayong Pfizer at saka Moderna at darating na rin po iyong AstraZeneca na mapo-procure po natin. So, nakita natin iyong limitations lang natin is ito, iyong tinatawag nating mga delivery kasi nito hindi natin mai-definite and at the same time ang pagkakaalam ko, more than 350,000 ang umaalis every month.

So, iyon ang nakita natin na isang malaking challenge na iyong big amount na kailangan ng OFW at saka seafarers ay napakalaki. Sa seafarers, I believed 35,000 a month. So, iyon lang po ang naging challenge namin pero nakikita namin na with the allocation ng mga procured vaccines natin, iyong Moderna at saka iyong AstraZeneca that will be coming in this June and July, magiging okay po tayo.

And hopefully, iyong mga ibang donations coming from other countries, like for example iyong J&J and also iyong other products na makukuha po natin. Iyong Pfizer, ang ating kontrata po ay

more or less 40 million, kung magkaroon na po tayo ng delivery by August wala po tayong problema kasi malaki po ang volume po natin.

IVAN MAYRINA/GMA 7: Maitanong ko na rin po iyong tungkol doon sa A4 natin. Kasama din daw po ba iyong mga work-from-home na empleyado even if the work-from-home set-up is just temporary?

SEC. GALVEZ: Ang nakita natin iyong sinabi nga ni Sir Spox na hinati natin iyong ating mga workers. Kasama na po dito iyong government frontliners and workers, ito pong mga economic and public sector workers at saka po iyong mga informal at iyon pong tinatawag natin ngayong informal workers. So, iyon po kasama po lahat po iyan sa A4 at saka ang ano po natin, sini-simplify naman po natin ang atin vaccinations para at least mas flexible doon sa baba sa pag-i-implement ng mga LGU. So, ang ginagawa po natin iyong sa A4 and even A5, very flexible po tayo. Hindi tayo masyadong specific and rigid sa classification.

IVAN MAYRINA/GMA 7: Secretary Galvez, sir, maraming salamat! Secretary Roque, sir, thank you.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Ivan. Balik tayo kay Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Secretary Roque, question from Vivienne Gulla of ABS-CBN for Secretary Vince: Kahapon nawalan ng kuryente ang ilang bahagi ng Luzon, kasama ang ilang lungsod sa Metro Manila. May COVID vaccine ba na naapektuhan dahil sa brownout sa mga lugar kung saan naroon ang cold storage facilities? Kung mayroon po, ilan daw po ito?

SEC. DIZON: Sa ngayon po sa report ng DOH, wala pong naapektuhan dahil po ang requirement sa ating mga LGUs at ating mga iba't-ibang storage facilities ay laging may back-up power na kasama para payagan na mag-store sila ng mga bakuna. Iyan po ay napaka-istriktong requirement natin sa ating mga LGUs. So right now, wala pong reports na naapektuhan na mga bakuna.

USEC. IGNACIO: Pero kung sakali daw pong magpapatuloy ang rotational brownout, gaano kahanda daw po ang LGUs para tiyakin na mami-maintain ang temperature requirement ng COVID vaccine at walang mapapanis? May tulong ba na maiaalok ang gobyerno sa mga walang triple back-up system generators?

SEC. DIZON: Hindi po puwedeng mag-store ng bakuna kung walang generator at walang uninterrupted power supply, na tuluy-tuloy ang kuryenteng binibigay at hindi mapapatid ang kuryente para hindi bababa o hindi tataas ang temperatura ng mga storage facilities.

USEC. IGNACIO: Last question po niya: Bakit bumaba ang inaasahang supply ng COVID vaccines na darating ngayong Hunyo na halos 10 million na lang mula sa 12.25 million noong nakaraang linggo?

SEC. DIZON: Nasagot na po ito ni Secretary Galvez. Pero kailangan matandaan po nating lahat na ang global supply, very unpredictable talaga 'no, hindi natin malalaman, minsan ito'y bababa, minsan din… kagaya noong nangyari sa atin noong Mayo, nadagdagan tayo 'no.

So kailangan na lang tayong maging handa lagi at walang tigil ang trabaho ni Secretary Galvez at ng team ng Vaccine Cluster para masigurado na tuluy-tuloy ang dating ng supply ng bakuna sa Pilipinas.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Dizon.

SEC. ROQUE: Punta tayo kay Pia Rañada ngayon.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Yes, sir. Sir, my first question is for Vaccine Czar, Secretary Galvez. Secretary Galvez, iyong Pfizer vaccines po ba natin, is it—tuloy po ba iyong order ni Presidente na it will only go to indigents? And what happens to senior citizens and health workers who lined up in sites na may Pfizer na ina-administer, will they be denied the Pfizer vaccine?

SEC. GALVEZ: Very clear naman iyong directive ng COVAX at saka ng Presidente na iyong Pfizer, ibigay talaga iyan sa tinatawag nating targeted population. So ang targeted population natin talaga iyong healthcare workers, senior citizens at may comorbidities. And then iyong sa COVAX, talagang iyong COVAX na Pfizer, ibibigay po natin iyan sa indigent population sa A5. Kaya po iyong sa A4, ang ibibigay po natin diyan iyong mga procured vaccines natin. Mayroon naman tayong Moderna, mayroon tayong Sinovac and also iyong Gamaleya and then later iyong AstraZeneca natin na na-procure ng private sector, darating na rin po iyon.

PIA RAÑADA/RAPPLER: So sir to be clear, iyong 2.2 million na dadating on June 11, that will only go to A5?

SEC. GALVEZ: No, no. Sinabi ko na nga kanina na iyan ay talaga para sa A1, A2 and A3 – hindi pa tayo nag-o-open sa A5.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Ah, okay, okay. So sir iyong 2.2 million, isang bulto po iyon na dadating on June 11 or it's distributed throughout the different—?

SEC. GALVEZ: Ang nakita naming ano 'yan, sama-sama po iyan pero I believe katulad noong nangyari noong last time na napaaga, most likely baka mapaaga iyong isa kasi ang ginawa nila tatlong destination – Manila, Cebu at saka Davao. Most likely baka mauna po iyong sa isang lugar pero hindi pa po definite. Hanggang wala pa pong air waybill hindi pa po kami makapagbigay ng ano. Pero ang ano po namin is iyong 2.2 million ay darating po ng June 11.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Na all in—I mean, on the same day, sir?

SEC. GALVEZ: Yes, yes, oo. Pero baka may mga changes din kasi ang nakita natin is iyong gusto nga ng Pfizer is direct doon sa destination, walang ano, walang tinatawag nating double handling. So kung mayroon tayong para sa Luzon at saka Visayas at Mindanao – iyong sa Luzon, dito lalapag iyan sa Manila and then iyong sa Visayas, doon sa Cebu and then iyong sa Mindanao na intended, doon sa Davao. So ang pagkakasabi sa amin ay it will be in bulk na 2.2 million at same day, June 11. So more or less simultaneous na ipapalipad iyan.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Okay. Thank you, sir. Then for Secretary Roque. Sir, mayroon po bang aid that will be going to the business establishments who have been closed since April? Kasi noong nag-MECQ 'di ba sa NCR Plus, establishments like gyms sir, parang indoor gyms, mayroon po bang aid for them? And also, sir, mayroon po bang plans na in the future we do a more targeted shutdown kasi iyong mga businesses are saying naman na kung hindi naman po nagku-cause ng spreader events iyong gyms for example or other establishments, baka they can stay open daw if they comply naman sir with the standards? May way po ba to do that and just shutdown specific establishment na nagka-super spreader event or a specific sector na lang na found to have caused such events?

SEC. ROQUE: Well, alam mo, ako din gusto kong magbukas na ang mga gyms. Pero alam mo, it's not a matter of one specific gym being a super spreader event kasi there's a science behind it 'no na talagang susceptible talaga for super spreader events ang mga gyms because of the nature of activity that goes in there 'no – it's indoors, it involves sweating and it involves close contact 'no. Pero ang masasabi ko lang, tama ka rin 'no dahil iyong polisiya naman natin on granular lockdowns shows na if we could lockdown on a smaller basis, we will 'no.

Pero sa ngayon po, the DOH is guided by science on specific industries which must remain closed 'no for the time being. Hindi lang naman po kasama ang mga gyms diyan, kasama rin po iyong mga amusement centers at iyong mga internet cafes na alam natin mahirap po talagang magkaroon ng social distancing.

So for now po, pinabababa lang po natin ang mga kaso and later on gaya noong nangyari naman noong nag-GCQ ang Metro Manila na binuksan natin ang mga gyms, limited capacity, ay mangyayari din naman po iyon. Pero sa ngayon po, iniiwasan lang natin na masayang iyong gains that we have achieved because of the very long ECQ and MECQ that we've had.

PIA RAÑADA/RAPPLER: What's the data behind that, sir, that gyms are iyon, cause lots of transmissions? Like do we have specific incidents that point to this pattern that would backup our policy?

SEC. ROQUE: Sa Quezon City nga po eh, hindi pa tayo nag-i-ECQ pinasara na ni Mayor Joy Belmonte ang mga gyms. So in Quezon City, the gyms closed two weeks earlier because of reports that a couple of gyms became venues for super spreader events 'no – despite the fact that we were already imposing 50% limitation on occupancy.

PIA RAÑADA/RAPPLER: All right. Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Thank you very much. Thank you, Pia. Balik po tayo kay Usec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: Yes. Secretary, from Jam Punzalan ng ABS-CBN Online, for Secretary Roque: Another policeman killed a woman allegedly out of personal grudge, just around 6 months after Staff Sergeant Jonel Nuezca shot dead a woman and her son. Can we still say that these are isolated incidents? Why do incidents like these persist?

Similar question sila ni Maricel Halili ng TV-5. Ang follow up po ni Maricel Halili: Despite daw po ng warning ni President Duterte against erring police officers, some of them are still abusing their power? What do you want to tell these abusive policemen?

SEC. ROQUE: Definitely that is not the rule – that is the exception to the rule. Wala po tayong magagawa, kahit anong organization mayroong paisa-isang mga bugok at ito pong pangyayaring ito at iyong naunang event na sinabi ng ating mga kasama sa Malacañang Press Corps, ito po iyong mga bugok.

Pero please, we have hundreds of thousands in the ranks of our policemen and we hear of one or two cases of this nature. Hindi po totoo na malawakang maraming bugok sa kapulisan, propesyonal po sila dahil sa day 1 ng kanilang training ay pinasok na po sa kanilang isip na bilang mga tagapagpatupad ng batas, sila mismo ay dapat sumunod sa batas.

So we have respect for the professionalism of our policemen. And yes, I confirm these are exceptions to the rule that our policemen are by and large professionals.

USEC. IGNACIO: Question for Secretary Galvez and Secretary Vince: Government has repeatedly said that we are in the top 5 in South East Asia in terms of COVID-19 vaccines administered. However, if the basis is the percentage of population that is already vaccinated, we will be in the region's bottom 5. How accurate is this and how soon can we climb up the ranking?

SEC. GALVEZ: Talagang limitation natin kasi iyong ating population mas malaki sa ibang country. Pero iyong basis po natin, nakita po natin dito ay iyong amin pong ginagawang parameters lalo na po iyong sa ASEAN ano po natin, threshold. Dito po sa number of people fully vaccinated, number 4 po tayo – enough vaccination to cover percentage of population, talaga po totoo na dahil kasi masyadong mataas ang ating population, number 8 po tayo.

Iyong percentage ng population na given first dose, number 6 po tayo at iyong total population in million habitants, number 2 po. Iyong percentage population not willing to be vaccinated and undecided, number 1 po tayo dahil kasi 49% po ang ating tinatawag na mayroong hesitancy.

So ganoon po ang ginagawa nating parameters at saka maganda po natin dito—sa atin, sa ngayon katulad ng sa atin ngayon na iyong ating daily rate administration, tayo ang pinakataas kasi mayroon po tayong 170,000 and we are very happy on that accomplishment because nakita po natin, nagsimula po tayo ng only 10/15 and then ngayon maipagmalaki natin na ang na-administer po natin iyong 237,000 a day.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary Vince?

SEC. DIZON: Oo, tama iyong sinabi po ni Secretary Galvez at importante ding malaman ng mga kababayan natin, tayo'y nagsimula ng pagbabakuna noong buwan ng Marso pa lang. May mga iba po tayong kasama na mga kapit-bansa dito sa South East Asia na nagsimula last year pa, ng Disyembre; marami sa kanila January. Pero gaya ng sinabi ni Sec. Galvez, tuluy-tuloy lang po tayo 'no. Noong una mabagal pero ngayon nakita naman natin ang numero, bumibilis na at kapag dumating po ang mas madami pang bakuna eh lalo pang bibilis.

SEC. ROQUE: Well, ako naman po, magdadagdag lang po ako. Siyempre po mayroon dapat panimula at mayroong pagtatapos 'no, nagsimula po tayo, dumadami na ngayon. Ang panawagan ko lang sa mga kritiko, huwag naman pong utak talangka 'no. Talaga naman pong dadami't dadami iyan, habang dumadami ang supply at habang nagiging mas efficient tayo sa pagbabakuna. Huwag naman natin ipagdasal na mabigo itong ating vaccination plan na ito dahil nakasalalay po ang buhay natin mismo dito sa planong ito.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary Roque, may patanong po si Joseph Morong ng GMA News tungkol doon sa release ng records ng anti-drug operations ng pulis: How should the DOJ and the PNP then act in its review of the 61 drug war operations? Is this an instruction to the PNP to be selective with the kind of information that it reveals? And, what can be established with limited information?

SEC. ROQUE: Hindi po. I think ang tinutukoy ni Presidente talaga ay iyong mga live investigations 'no. Pero kung tapos na po iyong imbestigasyon and it is after the fact na nagkakaroon na lang talaga tayo ng implementasyon. Alam mo kasi Joseph, mayroon talaga tayong manual na sinusunod ng PNP na sa kada mayroong namamatay, dapat nagkakaroon talaga ng

imbestigasyon. So iyon lang naman ang ginagawa ngayon ng PNP at DOJ. Napakatagal na po niyan na nasa manual ng PNP, pinapatupad lang po nila iyan.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Roque. Iyon po 'yung mga nakuha nating tanong sa ating mga kasamahan sa media.

SEC. ROQUE: Maraming salamat po sa inyong patuloy na pagtangkilik sa ating press briefing. Maraming salamat sa ating panauhin – Vaccine Czar Secretary Carlito Galvez, Testing Czar Vince Dizon. Maraming salamat, Usec. Rocky.

At sa ngalan po ng inyong Presidente Rodrigo Roa Duterte, ito po ang inyong Spox Harry Roque'ng nagsasabi: Mga kababayan, halos 21,000 na po ang namatay dahil sa COVID. Ang malungkot po, marami sa kanila pumanaw bago dumating ang mga bakuna. Ngayong narito na po ang bakuna, huwag natin pong payagan na makasama tayo sa case fatality rate. Huwag nating payagan na iyong ating mga kapamilya, ating mga kaibigan mapasama sa case fatality rate. Pabakuna na po tayo.

Magandang hapon po sa inyong lahat.

###

--
News and Information Bureau-Data Processing Center